**Abstract**

"Mapait ang Ugat ng Asukal" is a theatrical experiment in the style of a documentary that explores the complex historical and social aspects of Negros Occidental. The drama, which is set against the backdrop of Spanish colonization, examines how a brave resistance to the Spaniards that led to liberation also unintentionally strengthened institutional tyranny in the area through the hacienderos. The play intends to shed light on the complexity of freedom and its aftermath, particularly in the context of power dynamics and land ownership, using a combination of theatrical elements and documentary-style narration.

**Keywords**
explorative,
revealing,
powerful

**English title**

Sugarcane's Bitter Root

# MAPAIT ANG UGAT NG ASUKAL

ROCKY O. NICOR



Likhaan 18.indb 280 11/22/2024 4:37:46 PM

**Tauhan**
**Babae** – twenties, tagasalaysay
**Lalaki** – twenties, tagasalaysay
**Koro** – dalawang lalaki at dalawang babae

**Tagpo**
Ito ay isang experimental docutheater tungkol sa kung paano sinemento ng Cinco de Noviembre ang piyudalismo at hacienda system sa Negros. Hindi tiyak ang tagpo, at hindi rin tiyak ang oras.

*Magmamartsa papasok ang mga tauhan, nasa unahan ang LALAKING TAGAPAGSALAYSAY at siya ang nagbibigay ng command.*

**Lalaking Tagapagsalaysay**
Pulutong! Hinto!

*Isang hakbang paharap ang LALAKING TAGAPAGSALAYSAY at sasaludo.*

Ako si Marcelo Tuyo kasama ang lima pang kawal, at handa na kami sa aming pagtatanghal, mga ginoo.

**Babaeng Tagapagsalaysay**
Negrosanon, kami ay nagtipon, para ipaglaban ang kalayaan! Laban sa mga Espanyol!

**Lahat**

Espanyol!

**Mga Babae**

Amerikano!

**Lahat**

Amerikano!

**Lalaki 1**

Kag mga haciendero!



Likhaan 18.indb 281 11/22/2024 4:37:47 PM

*Tititigan siya ng LALAKING TAGAPAGSALAYSAY. Matatakot ang ibang tauhan. Sasampalin siya ng LALAKING TAGAPAGSALAYSAY.*

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Ijos de puta! Hacienderos, hermanos de Filipinos! Indio! Indio! Indio!

**Babaeng Tagapagsalaysay**

So guys, nagsimula ang lahat nang sakupin ang aming isla ng mga Espanyol. Sabi nila ’yong old name daw namin is Buglas, pero base sa historical records, minsan lang daw ginagamit ang Buglas. Mostly ’yong tawag daw sa kaniya ay Siparay, Maylan, Buglas, at Panilongon.

*Titingnan siya ng lahat ng tauhan.*

**Lahat**

Really?

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Hmm, well? Basta. Tapos ’yong unang kapitolyo namin ay sa Ylog.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Dapat nga maging proud tayong mga Agustinians dahil mga initiator tayo ng Catholicism dito sa atin.

**Lahat**

Alma mater dear San Agustin! Beacon light shining on its fair land ...

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Mahaba-haba ang kasaysayan ng aming probinsiya. Siguro kung ikukuwento namin ito ay baka abutin pa tayo ng 2028 presidential elections, kung may elections pa. Tututukan lang muna natin ’yong importante.

**Lahat**

Ang Cinco de Noviembre.



Likhaan 18.indb 282 11/22/2024 4:37:47 PM

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Kilala ang probinsiya namin sa asukal, at sa mapait na ugat nito. Siglo na rin kung tutuusin. Isang siglong paglapastangan sa karapatang pantao ng mga sakada at ang kanilang pantakip ay ang kanilang mga mansiyon at ang hacienda. Heritage kunwari.

**Babae 1**

Pero ano ba ang kinalaman ng Cinco de Noviembre dito? Diumano, ang Cinco de Noviembre raw ang nagsemento sa kapangyarihan ng mga haciendero dito sa Negros. Kabayanihan ng mga haciendero daw—edi hacienderoism.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Nangyari 'yong Cinco de Noviembre noong November 5, 1898. Hindi naman puwedeng November 6 ito nangyari kasi nga Cinco de Noviembre, di ba? Sais de Noviembre na 'yan pag November 6. Anyway, meron din namang event 'yong Sais de Noviembre, noong nagpirmahan na sila para sa paglaya ng Negros sa kamay ng Espanya. Tapos …

*Tititigan siya ng lahat ng mga tauhan.*

Heto na nga!

*Hihilain siya ng BABAENG TAGAPAGSALAYSAY*

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Ang dami mo pang pasakalye. Nagsimula ang lahat noong ang mga Negrosanon ay naubusan ng pasensiya.

*Aarte ang BABAENG TAGAPAGSALAYSAY na tila isang Kastila at nag uutos-utos sa ibang tauhan.*

Ijo de puta! Istupido! Kahinay sa imu mag tapas sang tubo!

*Lalabas ang BABAENG TAGAPAGSALAYSAY, at susundan siya ng isa pang babae.*



Likhaan 18.indb 283 11/22/2024 4:37:47 PM

**Lalaki 2**

Yudiputa, hindi nako! Feeling Espanyol din ’yang haciendera na.

**Lalaki 1**

Ano ang gagawin natin?

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Rebolusyon! Pagkat hindi na tama ang kanilang ginagawa. Kakausapin natin sila, Senyor.

**Babae 1**

Ha? Kakausapin natin ang mga panginoong maylupa?

**Lalaking Tagapagsalaysay**

E wala naman tayong budget. Ano’ng gagamitin nating panlaban? Kawayan?

**Babae 1**

Narinig daw ng anak ko habang nagse-serve siya ng dinner noong dumalaw ’yong don at donya ng kabilang hacienda. Nagpaplano raw sila ng rebolusyon!

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Tama, naikuwento rin ’yan sa akin nina Don.

**Lalaki 2**

Narinig ko rin ’yan sa don at donya na para daw maitago nila ’yong kanilang ambagan sa rebolusyon, ginamit nila ’yong …

**Lahat**

Shhh!

**Babae 1**

’Wag kang maingay. Kasi pag nalaman nila na ang gramo ng Aceite de Manzanilla at Jarabe de Limon sa farmacia ng don sa plaza ay ang balor din ng kanilang ambag sa rebolusyon, malalaman nila na may plano tayo—sila pala.



Likhaan 18.indb 284 11/22/2024 4:37:47 PM

*Tititigan siya ng lahat. Papasok ang BABAENG TAGAPAGSALAYSAY.*

**Babae 2**

Si Don sa plaza 'yong may ari ng farmacia?

**Lahat**

Yes!

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Hindi ba't siya rin 'yong may pinakaunang record ng EJK sa Negros dahil may mga namatay na Kano habang siya ay nanunungkulan bilang presidente ng Cantonal de Negros? Ibinalandra pa nga niya 'yong mga pinapatay sa Municipal Hall of Bacolod at nakalagay ang—

**Lahat**

"The price of white man slain"

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Sandali lang, hindi ba't Kastila 'yong kalaban natin? Bakit may mga Kano na diyan? Pumasok din ba 'yong Kano?

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Spoiler alert, natalo natin ang mga Espanyol. Tapos sabi ng mga haciendero ay para sa kalayaang Negrosanon. Pero pagdating ng Kano, may pa-welcome rites pa sila. Negosyo o kalayaan? Pumili ka!

**Lalaking Tagapagsalaysay**

We affectionately salute you and congratulate ourselves upon the happy arrival of Colonel Smith and beg you to send this salutation and congratulations to General Otis, Manila, as the representative of the government of the United States of the Philippines. Okey na kaya itong message na 'to? Para makapagpatuloy na tayo sa pagnenegosyo ng tubo.

**Lahat**

Negosyo o kalayaan? Ang sagot ng karamihan—



Likhaan 18.indb 285 11/22/2024 4:37:47 PM

**Mga Babae**

Kalayaan! Ang sagot ng mayayaman—

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Siyempre, negosyo.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Noong hapon na ay dumating sa Negros si Smith. Puta, may full military honors pa by native and American troops. May banda pa. Tapos sang dahil mahirap ang landing niya, dahil siguro ay low tide, yudipunggol, binuhat siya habang nakaupo sa upuang kawayan. Pero bakit tayo pala dumating sa kuwento na 'yon. Dapat ibang episode na 'yan.

**Lahat**

Babalik na tayo sa ating kuwento. Sa Cinco de Noviembre.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Di ba ayun na 'yon. May farmacia na 'yong may-ari ay 'yong may first EJK case. May isang bata na galing sa isla ng Panay. Siyempre kasama niya 'yong pamilya niya at lumipat sila sa Himamaylan, at nagtrabaho bilang mananguete at sakada.

**Mga Lalaki**

Dionisio Magbuelas 'yong pangalan niya!

**Babae 2**

Hanggang sa pinagpasa-pasahan siya ng mga don at donya. Umabot pa raw siya hanggang Cauayan, Isabela, Vallehermoso, Payao—basta, marami.

*Aarte na parang nag-aaway ang mga lalaki. Tapos susuntukin ng LALAKING TAGAPAGSALAYSAY ang isang LALAKI.*

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Hanggang may nakasuntukan siyang pari. Sabi ng iba ay may tinaga raw siyang sundalo. Parehong recorded siya. Di natin alam kung alin 'yong mas totoo, pero baka totoo naman silang dalawa.



Likhaan 18.indb 286 11/22/2024 4:37:47 PM

**Lalaking Tagapagsalaysay**

*Aastang siya si Dionisio Magbuelas.*

Pagkat hindi ko na kaya ang kanilang pang-aalipusta, sinugod ko ang isang paring Kastila at siya'y binugbog. Handa na akong ipagtanggol ang kalayaang Negrosanon.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Weh? Sabi nila panginoong maylupa ka rin. Tapos inagaw ng mga Kastila 'yong lupa mo. Base naman 'yan sa ibang accounts dahil may mga na-discover na letter mo tungo sa anak ng haciendero na taga-Vallehermoso. Sabi mo pa nga ay "Hermano." Ibig sabihin ay "Brother" or "Friend."

**Lalaki 2**

Di ba sabi mo isa kang tulad namin? Taksil ka rin ba? Baka gusto mo lang bawiin ang lupa mo?

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Hindi! Nais kong bigyang-kalayaan ang ating probinsiya.

**Mga Babae**

Awkiee.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Pagkatapos kong bugbugin ang Espanyol sa La Carlota, ako'y nagtago sa batas, umakyat sa bundok, at doon ko nakita ang mga Pulahanes.

**Mga Babae**

For the information of everyone, the next account is from the narratives of the indigenous peoples.

**Lalaki 1**

Galing sa apo ng isang naging sundalo ni Papa Isio. If you want to know more, punta na kayo sa Negros.



Likhaan 18.indb 287 11/22/2024 4:37:47 PM

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Base sa istorya nila, three days pa lang daw pagkatapos mamatay ng kanilang lider. Base sa libro, si Diyos Buhawi, Barua Diyos, pero ang pangalan daw ng kanilang lider ay Popo Sangkay.

*Biglang nag-iyakan ang lahat except sa LALAKI at BABAE. Aastang si Dionisio Magbuelas ang LALAKI. Biglang magiging defensive mode ang mga lalaki habang umiiyak dahil dayo lamang si Dionisio Magbuelas.*

**Lalaking Tagapagsalaysay**

'Wag kayong mag-alala. Ang aking espiritu ay tinawag ni Diyos Buhawi, ukon Barua Diyos, ukon Popo Sangkay na maging lider niyo.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Paano namin malalaman na ikaw nga ang tunay na ikaw!

*Kinuha ng LALAKI ang kaniyang panyo at iwinagayway. Nagbunyi ang lahat.*

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Suno sa mga Sugilanon sang mga Tumandok, yudi dalum nga Hiligaynon ba.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Base sa kuwento ng mga katutubong Pulahanes.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Noong iwinagayway raw ni Dionisio Magbuelas ang kaniyang panyo, nagtipon ang mga alitaptap sa lahat ng puno na nakapaikot sa kanila. At siyang nagbigay ng Liwanag.

**Lahat**

Ikaw, Dionisio Magbuelas, ginabayaw ka namon gina proklamar nga amon Papa! Papa Isio! Mabuhi ka!



Likhaan 18.indb 288 11/22/2024 4:37:47 PM

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Sabi nila, si Diyos Buhawi ang nagbigay sa kaniya ng Anting-anting, o agimat. Pero marami rin ang nagsasabi na meron na siyang anting-anting bago pa siya umakyat sa kabundukan.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

So'yon na'yon, guys, nag-training sila kay Papa Isio para maging warriors. Pero babalik tayo sa mga tao sa baba. Sinetch itey, ang haciendero na mas nakakatakot pa kesa sa mga Espanyol?

*Unti-unting lalapit na parang nakikiusyoso ang MGA LALAKI.*

**Mga Babae**

Sinetch itey?

**Babae 1**

Sinetch itey, ang haciendero na merong gunmen para panakot sa mga sakada para sumama sa pagmartsa papuntang Bacolod?

*Mas didikit pa ang MGA LALAKI.*

**Mga Babae**

Sinetch itey?

**Babae 1**

Sinetch itey, ang haciendero na kunwari ay magaling na sa taktika pero shude pala?

**Mga Babae**

Si Senyor A ...

*Matutumba ang MGA LALAKI dahil sa kanilang pagsisiksikan.*

**Mga Lalaki**

Agay! Yudiputa ya.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Censored na lang muna, guys, kasi baka alam n'yo na.



Likhaan 18.indb 289 11/22/2024 4:37:47 PM

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Ha? Bakit? Ipapapatay ka ba?

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Hindi naman siguro, kasi alam ko mababait na sila, kasi baka hindi lang nila ako pasakayin ng bus sa kanilang terminal o di ako papasukin sa kanilang coliseum.

**Lahat**

A! Si Senyor A!!

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Anyway! Habang naghahanda 'yong batalyon sa Norte, para sa Cinco de Noviembre, 1896 pa lang, umaatake 'yong batalyon ni Papa Isio sa mga Espanyol. Hindi lang pala Espanyol ang inaatake niya—pati ang mga hacienda na kumukupkop sa mga Espanyol. Kaya siguro ipinagkanulo siya ng dati niyang haciendero. Tapos 'yong heneral na may gunmen ay biglang nagpa-painting contest sa mga amacan at sanga ng coconut tree para kunwaring may baril at kanyon sila. Ano na ya kuno? Akala ba namin kayo 'yong magbibigay ng budget? Hindi ka naman short-staffed, pero tinipid mo?

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Di ba? Nagpaplano pa lang sila, umaatake na si Papa Isio kasama ang mga katutubo. Pero bakit nga ba siya pinagtatakpan? Dahil ba ang kalaban niya ay mayayamang pamilya? Baka nga.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

At eto na, nag-abot na ang Cinco de Noviembre!

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Pero November 4 pa lang, may activities na ang don sa taas.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Ang isa naman na may toxic masculinity sa ilalim, you know naman, kunwari ay magaling pero hindi naman pala. Ayun nga, nagpa-painting contest siya. Pinapintahan niya ng black 'yong mga amacan at sanga ng coconut tree, para mukhang kanyon at rifles kung titingnan sa malayo.



Likhaan 18.indb 290 11/22/2024 4:37:47 PM

**Babaeng Tagapagsalaysay**

November 4, 2:00 PM, pinutol ng mga Negrosanon ang mga telegraph line sa may bandang norte. May pinadalang tao ang mga Espanyol para ayusin, pero ayun, hindi na nakauwi. Kawawang nilalang.

**Lalaki 2**

Amu to, pinadalhan sila ng mga sundalong Kastila, twenty-five Spanish soldiers, at ten Pinoy. 'Yong don sa taas ay nagkaroon pa ng bakbakan sa Ilog ng Matab-ang. Sabi nila madugo raw at natalo ang mga Kastila, pero siyempre, ano'ng laban ng tatlumpu't lima sa libo? May resistance pa ba? Sabi nila, pero kung numero ang babasehan, mukhang yabang na lang.

**Lalaki 1**

Pero before pa ang Cinco de Noviembre, konti na lang talaga 'yong sundalong Kastila, mga less than one hundred na lang daw. In short, sinakyan na lang nila 'yong rebolusyon ni Papa Isio? Tapos, tinatakpan pa nila.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Perfect ba 'yang Papa Isio n'yo? Di ba kriminal din siya? Di ba sabi n'yo, bago siya umakyat sa bundok ay may binugbog siyang paring Kastila, o sabi ng iba ay sundalong Kastila, so tumatakbo siya sa batas.

**Babae 1**

Tapos sabi ng iba tumatanggap daw siya ng mga tulisan na nagtatago rin sa batas, at kinukupkop kapalit ng pagsilbi sa kaniya.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Tapos, sabi n'yo kanina, close siya sa anak ng isang haciendero sa Vallehermoso. At tawag pa nga niya ay Hermano.

**Babae 2**

Di ba parang imposible na maging magkaibigan ang isang haciendero at isang sakada?

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Baka isa rin siyang panginoong maylupa!



Likhaan 18.indb 291 11/22/2024 4:37:47 PM

**Babaeng Tagapagsalaysay**

At least iba siya sa mga panginoong maylupa, at least kinalaban niya ang mga Kastila't haciendero. Para sa masa!

**Lalaking Tagapagsalaysay**

O baka isa lang siyang panginoong maylupa na hangad ay mas marami pang lupa.

*Papalibutan ng lahat ang BABAE, at kokornerin.*

**Babaeng Tagapagsalaysay**

A, basta! Hindi na natin alam kung ano pa ang nangyari. Basta ang alam lang natin ay hindi niya tinanggap ang mga Amerikano. Ibig sabihin ay totoong Kalayaan ang kaniyang gusto.

*Katahimikan*

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Anyway, balik tayo sa Cinco de Noviembre. Ayun, super win na sila. Yehey! Mabuhay ang Negrosanon! Nilagdaan ng mga Kastila ang pagsuko nila sa isang bahay ng haciendero na kalauna'y ginawang city hall ng Bacolod. Medyo nakakadismaya lang dahil parang hindi na nabigyan ng halaga. Dapat nga bang bigyan ng halaga?

**Lahat**

Mabuhay!

**Lahat ng Lalaki**

Mabuhay si Don!

**Lahat**

Mabuhay!

**Lahat ng Lalaki**

Mabuhay si Heneral!

**Lahat**

Mabuhay!



Likhaan 18.indb 292 11/22/2024 4:37:47 PM

**Lahat ng Babae**

Mabuhi ang mga Mamumugon!

*Tahimik ang lahat.*

Di ba? Subo lang no? Kay tungod amu lang kami ni indi na kami invited sa ila nga party?

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Nagtukod sila sang gobyerno, at tinawag na Cantonal de Negros, pero hindi naman invited ang mga taga-Oriental. Hindi nila nilagyan ng puwesto si Papa Isio sa gobyerno sa kabila ng kaniyang ginawa. Ang secretary of war ay ibinigay nila sa heneral na nagpa-painting contest. Tama lang ba?

**Ibang Babae**

Buong yakap nilang tinanggap ang Amerikano, para daw iwas na sa gastos kung makikipagdigma pa. Pero di ba nila alam na mas malaki ang ginagastos ng Amerika? Na mas nalulugi sila.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Para ba talaga sa probinsiya ang kanilang pinaglalaban?

*Katahimikan.*

Patuloy na nakipaglaban si Papa Isio sa mga Amerikano dahil hindi niya tanggap ang bagong mananakop. Para sa kaniyang katahimikan, binigyan siya ng puwestong parang “chief of police” ng gobyerno ngunit nagpatuloy pa rin siya.

**Ibang Babae**

Hanggang sa siya ay ipinadakip ng mismong mga taong naglagay sa kaniya sa gobyerno. Dinala sa Carcel Publica sa Bacolod, hanggang ilipat sa Bilibid, at doon na namatay sa sakit sa baga.

**Ibang Lalaki**

Habang ang mga panginoong maylupa ay nagpapakasasa habang dumidila sa puwit ng mga Kano.



Likhaan 18.indb 293 11/22/2024 4:37:47 PM

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Ipinadakip siya ng isang don na naman, don na nasa burol. Sinetch itey na ba tayo ulit o tapusin na natin 'to?

**Lalaking Tagapagsalaysay**

'Wag na, itago na lang natin. Medyo nakakatakot na rin.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Hindi ko lang din talaga maintindihan, bakit magpahanggang sa ngayon ay parang takot pa rin tayong magsalita laban sa kanila. Hindi ba't sabi nila ay mas malaya na tayo ngayon pagkat nasa twenty-first century na tayo.

**Lalaki 1**

Malaya na ihayag ang kasarian, ngunit nakakatakot pa rin magsalita laban sa kanila. Nakakatakot magsalita laban sa mga taong sinisilaban ang talampakan ng mga sakada upang magising para magtrabaho sa mga hacienda.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Mga binugbog dahil nagtitipon at pinagkakamalang nagbabalak magrebelyon.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Mula pa pala ito noon. Itong walang-hanggang labanan sa pagitan ng panginoong maylupa at ng nagtitiltil ng lupa.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Anyway, sila ang nagpapakain sa atin, nagbibigay ng tirahan, nagbibigay ng oportunidad. Nararapat naman sigurong tawagin silang panginoong maylupa.

**Babaeng Tagapagsalaysay**

Sabay-sabay tayong magdasal sa panginoong maylupa. Panginoong maylupa, nawa'y araw-araw mo kaming bigyan ng biyaya. Ang tugon—

**Lahat**

Panginoong maylupa, kaawaan mo kami.



Likhaan 18.indb 294 11/22/2024 4:37:47 PM

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Panginoong maylupa, nawa'y bigyan mo po kami ng lakas sa pang-araw-araw para anihin ang lupang ibinahagi mo sa amin. Ang tugon—.

**Lahat**

Panginoong maylupa, kaawaan mo kami.

**Lalaking Tagapagsalaysay**

Nawa'y magsilbing inspirasyon ang iyong yaman upang kami'y magpursigi sa buhay.

**Lahat**

Kaawaan mo kami.

**Lalaki**

Sa ngalan ng ama, anak, at esperikitik walastik.

**Isa sa mga Lalaki**

Hindi na yata sapat ang ating dasal, mga kaibigan. Mukhang kailangan na nating tumindig at lumaban!

**Lahat**

Laban!

*Mag-aastang haciendero ang LALAKING TAGAPAGSALAYSAY. Babarilin ang nag-aklas.*

**Mga Babae**

Kung ang dahilan
Ay ang pagtindig sa katotohanan
Buong-pusong yayakapin
Ang aking kamatayan

**Lahat**

At ang idealismo
Dadaloy sa karamihan
Dahil ang umiibig ay imortal
-Telon-



Likhaan 18.indb 295 11/22/2024 4:37:47 PM